
## COURSE NAME


ARALING PANLIPUNAN 1

# UNANG MARKAHAN




LIVEWORKSHEETS

**A. Module Title** **QUARTER 1 WEEK 4**




**Pagkilala ng Timeline at ng Gamit nito sa Pag-aaral ng Mahahalagang Pangyayari sa Buhay hanggang sa kanyang Kasalukuyang Edad**

# I. PANIMULA

Magandang araw! Naaalala mo pa ba ang pagkasunod-sunod ng mga mahahalagang pangyayari sa buhay mo mula noong bata ka pa hanggang sa iyong kasalukuyang edad? Sa ating pag-aaral ngayon ay pag-aaralan natin ang timeline, matututunan mo kung kailan naganap ang pangyayari at kung ano ang pagkasunod-sunod nito. Halika! Simulan na natin ang pag-aaral.

LIVEWORKSHEETS

**Learning Task 4.1**

**Pagsunod - sunurin ang mga pangyayari.**






______________ ________________ _________________ ____________________

**Getting to know the topic**

Bago tayo magsimula sa panibagong aralin, tayo muna ay umawit halina, pakinggan natin at sabayan ang isang awitin sa ating Video. "Tayo'y Mag-ehersisyo (Sunday School Gentri) - credits to Teacher Cleo and Kids" ,

https://youtu.be/WkxaBvAghfM

CLICK HERE

# II. PAGPAPAUNLAD

Ngayon ay aalamin mo ang Timeline at ang gamit nito. Mas mapapalalim pa ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng panonood ng isang video na inihanda ko para sa iyo.

Narito ang mga tanong na dapat mong isaaalang-alang para magabayan ka sa panonood ng powerpoint presentation na ito.

1. Ano ang timeline?

2. Ano ang ipinapakita sa Timeline?

LIVEWORKSHEETS

3. Ano ang dapat nating isipin upang makabuo ng Timeline?

4. Tungkol saan ang Timeline na ipinakita sa video?

5. May pagkakatulad ba ang timeline mo sa timeline na ipinakita sa video?

## III. PAKIKIPAGPALIHAN

**Task/ Activities**

Ngayong natapos mo ng panuorin ang ating aralin. Nais kong malaman kung may natutunan ka sa ating aralin. Sagutan mo ang mga sumusunod na katanungan.

**<u>1. Teacher-to-Learner Interaction</u> SAQ 2 (Interactive with multiple tries)**

1. Ano ang Timeline?

A. Ang Timeline ay ang pagpapakita ng pagkasunodsunod ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao

B. Ang Timeline ay ang mismong buhay ng isang tao

C. Ang Timeline ay ang kasiyahan ng isang tao

D. Ang Timeline ay ang oras ng isang tao

2. Ano ang Una sa timeline sa video?

A. pagligo C. pagkain

B. paggising sa umaga D. pagpasok sa paaralan

3. Ano ang kailangang gawin upang madaling makagawa ng Timeline?

A. Alamin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari

B. Alamin kung ano ang simula ng mga pangyayari

C. Simulan ang Timeline sa unang nangyari hanggang sa huling nangyari

D. Lahat ng nabanggit

4. Ano ang huling nangyari sa Timeline na pinanood mo?

A. pagkain ng hapunan

B. pagpasok sa paaralan

C. pag-uwi galing sa paaralan

D. paghahanda bago matulog sa gabi

LIVEWORKSHEETS

5. Bukod sa mga nangyari, ano pa ang maaaring makita sa Timeline?

A. mga bagay na nagbago

B. mga bagay na nakasanayan

C. mga bagay na masaya

D. mga bagay na malungkot

## IV. PAGLALAPAT

Panuto: Isakilos ng mga pagkasunod-sunod na gawain tuwing umaga.

1. paggising sa umaga
2. paghihilamos
3. pagsisipilyo
4. pagkain ng almusal
5. paliligo

**Generalization**


Ano ang ipinapakita sa Timeline? Ano ang dapat isipin sa paggawa ng Timeline? Ipinapakita sa Timeline ang pagkakasunod sunod ng mahahalagang pangyayari sa ating buhay at ang mga bagay na nagbago. Upang makagawa ng Timeline, kailangang isipin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.

**Individual Acitivity Sheet**

**Lagyan ng bilang 1-5 ang Timeline ayon sa pagkasunod sunod ng nangyayari sa buhay mo arawaraw.**

| Mga Bagay na Nangyayari sa Aking buhay araw-araw | Bilang |
|---|---|
| Pagsesipilyo (Pagsisipilyo) | |
| Pag aayos ng higaan | |
| Pagkain ng almusal | |
| Pagbibihis | |
| Paliligo | |

LIVEWORKSHEETS




**F. Additional Resources**

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa mga batayang impormasyon tungkol sa sarili, maaaring bisitahin ang link sa ibaba . 1. School Timeline Project

https://i.pinimg.com/236x/74/b4/a0/74b4a03950247eec70ce4c6fbc20e279--timeline-projecthomework-ideas.jpg

2. Timelines for kids - A comprehensive overview of timelines for k-6 students
https://youtu.be/o50HA6QTxj0

**G. References**

Pinterest (2020). *Children poster background*. [Photograph].Google.
https://images.app.goo.gl/SuvskLMG1hdxU2Zj7

Vectorstock (2020). *Paper template with three kids reading books in vector image*. [Photograph].Google. https://images.app.goo.gl/mbKZZsLKm93ZVM5w6

Clipart.Email (2020). *Get dressed for school clipart*. [Photograph].Google.
https://images.app.goo.gl/SLRNtFKA2oAAEgQN6

ClipartStation. (2020). *Eat dinner clipart 6*. [Photograph].Google.
https://images.app.goo.gl/MFBMPcN8QPRuQ6bn7

Dreamstime.com. (2020*). Kid taking bath stock bathroom illustration*. [Photograph].Google.
https://images.app.goo.gl/EyZV1cWyYK5Azh6KA

Yespress.info. (2020). *Stuuning cliparts/Child fixing bed cliparts image (26)*. [Photograph].Google.

LIVEWORKSHEETS